DocuSign Envelope ID: EA62C99A-FD8D-4D91-9AF2-5E2D97019EFD

**Glendale Public Order No. 2020-05 Sa**

**Sa Ilalim ng Pang-Emerhensiyang Awtoridad**

**ng Lungsod ng Glendale**

**Petsa ng Paglathala: Marso 25, 2020**

**Mga Hakbang ng Lungsod sa Pamamahala ng COVID-19 (Pagtigil sa Pagtaas ng Residensyal na Upa)**

**Sapagkat** nuong Marso 16, 2020, ang Konseho ng Lungsod ng Lungsod ng Glendale, alinsunod sa Glendale Municipal Code Chapter 2.84, ay nag-deklara ng lokal na emerhensiya. Ito ay kinailangan dahil sa lumalagong alalahanin tungkol sa Coronavirus Disease 2019 (COVID-19), isang malubhang talamak na sakit sa paghinga na sanhi ng novel (bagong) coronavirus. Kabilang sa mga sintomas ng virus ay lagnat, ubo, at hirap sa paghinga, at ang mga nahawaang indibidwal ay nakakaranas ng iba't-ibang pakiramdam, mula sa banayad na sakit hanggang sa malubhang sakit at pagkamatay. Ang bilang ng mga nakumpirmang kaso ay patuloy na lamalago sa loob ng maikling panahon. Ang Centers for Disease Control and Prevention ay nag-abiso sa amin na ang COVID-19 ay madaling lumipat mula sa isang tao at makakahawa sa iba't-ibang tao at sila ay naglabas ng mga patnubay na nagre-rekomenda na ang publiko ay kailangang magpatibay ng mga patakaran at pagsasanay para ipatupad ang social distancing hangga't maaari. Karagdagan dito, nuong Marso 16, 2020, ang Konseho ng Lungsod ay nag-utos din na isara at limitahin ang pagpunta sa ilang mga pampublikong establisiyimento;

**Sapagkat** ang Lungsod ng Glendale ay nagdagdag ng kanilang pagsisikap na panatilihin ang kalinisan ng kamay, mahusay na pamantayan kaugnay ng paghinga, at social distancing. Napakahalaga na tayo bilang isang Lungsod ay magsikap na gawin ang lahat ng ating magagawa upang pabagalin ang paglago sa komunidad at iwasan ang maiiwasang paghihirap ng ating sistemang medikal. Para tumulong sa ating mga ginagawa, sa ilalim ng pang-emerhensiyang awtoridad na ibinigay sa Director of Emergency Services alinsunod sa Chapter 2.84 ng Glendale Municipal Code, na bumuo at maglathala ng mga panuntunan at regulasyon ukol sa mga bagay na may kinalaman sa proteksyon ng buhay at pag-aari na apektado ng naturang emerhensiya, ipinag-uutos ang ilang mga pansamantalang paghihigpit sa ilang mga establisyimento sa buong Lungsod ng Glendale kung saan maraming mga tao ang malamang na magtipon at manatiling magkakalapit;

**Sapagkat** ang mga inirekomenda at iniutos na pagsara ng mga negosyo ay naging sanhi ng labis na pagkawala ng kita na naging hadlang sa kakayahan ng mga negosyo na magbayad ng kanilang upa, mortgages, at mga utility bills at ang pagtaguyod ng stabilidad sa mga komersyal na pangungupahan ay nakakabuti rin sa pampublikong kalusugan;

**Kaya ngayon,** sa pamamagitan ng kapangyarihan na ipinagkaloob alinsunod sa Chapter 2.84 ng Glendale Municipal Code, ang Director of Emergency Services ay nag-uutos ng mga sumusunod, epektibo sa 11:59 p.m. ngayong gabi, hanggang alas-dose ng tanghali (12:00 p.m.) ng Abril 30, 2020, na:

DocuSign Envelope ID: EA62C99A-FD8D-4D91-9AF2-5E2D97019EFD

Seksyon 1. Para magbigay ng kaluwagan at proteksyon sa mga residente ng Glendale sa panahon nitong hindi pangkaraniwang emehensiya ayon sa layunin ng Konseho ng Lungsod ng Glendale, sa pagsasabatas ng Resolution No. 20-33, ang pagtigil ng pagtaas ng upa ay ipapatupad, epektibo kaagad, kahit kailan ibinigay ang paunawa sa pagtaas ng upa, kung saan ang lahat ng upa ng mga residensyal na tenant ay mananatiling pareho sa petsa ng Order na ito, at sa panahon ng lokal na emerhensiya. Sa katapusan ng emerhensya, ang mga landlord na nagnanais na magtaas ng upa, ay, ayon sa batas ng Estado, magbibigay ng bagong paunawa sa pagtaas ng upa, na malinaw na nagsasaad ng bagong petsa ng pagsimula ng tinaasang upa at ng halaga ng pagtaas.

Seksyon 2. Ang order na ito ay maaaring pahabain bago sa Abril 30, 2020.

Ika-25 Araw ng Marso, 20 20

Oras: 03:45 P.M.

Ni: [signature]
Yasmin K. Beers
Director of Emergency Services

Inaprubahan bilang Form:
MICHAEL J. GARCIA, CITY ATTORNEY

Ni: Michael J. Garcia

Titulo: CITY ATTORNEY

Petsa Marso 25, 2020